أبواب الأجور - تجالوج

# Mga Pinto ng mga Gantimpala


شعبة توعية الجاليات بالزلفي

141

هاتف ٠٦ ٤٢٣٤٤٦٦ فاكس: ٠٦ ٤٢٣٤٤٧٧ ص.ب

# أبواب الأجور

**ترجمه إلى اللغة الفلبينية**

**شعبة توعية الجاليات بالزلفي**

**الطبعة الأولى: ١٤٢٧/٣ هـ.**

ح شعبة توعية الجاليات بالزلفي، ١٤٢٧ هـ

*فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية*

شعبة توعية الجاليات بالزلفي
أبواب الأجور ـ فلبيني/ شعبة توعية الجاليات بالزلفي، ١٤٢٧ هـ

٤٢ ص؛ ١٢ × ١٧ سم

ردمك: ٠ـ ٩٥ـ ٨٦٤ـ٩٩٦٠

١ ـ الحسنات والسيئات   ٢ ـ الوعظ والإرشاد   أ. العنوان

ديوي ٢١٣   ١٤٢٧/١٥٢٦

رقم الإيداع: ١٤٢٧/١٥٢٦

ردمك: ٠ـ ٩٥ـ ٨٦٤ـ٩٩٦٠

**الصف والإخراج: شعبة توعية الجاليات بالزلفي**

# محتويات الكتاب

١- فضائل القرآن الكريم ........................................ ٥
٢- فضائل ذكر الله تعالى ........................................ ١٠
٣- فضائل الوضوء والصلاة........................................ ١٨
٤- فضائل الصوم........................................ ٢٦
٥- فضائل متنوعة ........................................ ٢٩

# Mga Nilalaman

1. Ang mga Kainaman ng Qur'an............................5
2. Ang mga Kainaman ng Pag-alaala kay Allah.....10
3. Ang mga Kainaman ng Wudū' at Salāh .............18
4. Ang mga Kainaman ng Pag-aayuno ..................26
5. Sarisaring Kainaman.........................................29

بسم الله الرحمن الرحيم

# Mga Pinto ng mga Gantimpala

## فضائل القرآن الكريم

## Ang mga Kainaman ng Qur'ān

١- **حفظ القرآن:** عن عائشة رضي الله عنها ، عن النبي - ﷺ - قال: (( مثل الذي يقرأ القرآن وهو حافظٌ له، مع السفرة الكرام البررة، ومثل الذي يقرأ القرآن، وهو يتعاهده، وهو عليه شديدٌ، فله أجران )). [ متفق عليه: ٤٩٣٧، ٧٩٨]

**1. Ang Pagsasaulo sa Qur'an.** Ayon kay 'Ā'ishah (RA),[1] ayon sa Propeta (SAS)[2] na nagsabi: ***"Ang paghahalintulad sa bumibigkas sa Qur'an, samantalang siya ay nagsasaulo[3] nito, ay [gaya ng] kasama ng mga mabubuting mararangal na mga tagatala [na anghel]; at ang paghahalintulad sa bumibigkas ng Qur'an, samantalang siya ay pabalik-balik dito at siya ay mahigpit dito, ay magkakaroon ng dalawang gantimpla."*** (Muttafaq 'Alayhi: 4937/798.)

---

[1] (RA): *Radiyallāhu 'Anhu* para sa isang lalaki, *Radiyallāhu 'Anhā* para sa isang babae, *Radiyallāhu 'Anhum* para sa marami. Ang ibig sabihin nito ay: Kalugdan siya (o sila) ni Allah. Ito ay panalanging binabanggit sa tuwing nababanggit ang pangalan o taguri ng Kasamahan o asawa ni Propeta Muhammad (SAS).

[2] (SAS): Sallallāhu 'Alayhi wa Sallam: Pagpalain siya ni Allah at batiin (o pangalagaan) siya ni Allah. Sinasabi ito kapag binanggit ang pangalan o ang taguri ni Propeta Muhammad (SAS) o kapag tinutukoy siya.

[3] O nakasaulo.

٢- **تلاوة القرآن الكريم :** عن أبي أمامة الباهلي -ﷺ- قال: سمعت رسول الله -ﷺ- يقول: (( اقرءوا القرآن، فإنه يأتي يوم القيامة شفيعًا لأصحابه...الحديث )).

[رواه مسلم: ٨٠٤]

**2. Ang Madalas na Pagbabasa o Pagbigkas ng Qur'an.** Ayon kay Abū Umāmah al-Bāhilī (RA) na nagsabi: "Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi: ***Bigkasin*[4] *ninyo ang Qur'an sapagkat tunay na ito ay darating sa Araw ng Pagkabuhay na isang tagapamagitan sa mga tumatangkilik dito.*"** (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 804.)

٣- **تعلم القرآن وتعليمه :** عن عثمان ﷺ، عن النبي -ﷺ- قال: ((خيركم من تعلم القرآن وعلمه )). [رواه البخاري: ٥٠٢٧]

**3. Ang Pag-aaral ng Qur'an at ang Pagtuturo Nito.** Ayon kay 'Uthmān (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: ***"Ang pinakamamabuti sa inyo ay ang nag-aral ng Qur'an at nagtuturo nito."*** (Isinalaysay ito ni Imām al-Bukhārī: 5027.)

٤- **سورة الإخلاص:** عن أبي الدرداء ﷺ، عن النبي -ﷺ- قال: (( أيعجز أحدكم أن يقرأ في ليلة ثُلثَ القرآن؟)). قالوا: وكيف يقرأ ثلث القرآن؟ قال: (( قل هو الله أحد، تعدِلُ ثلث القرآن )). [رواه البخاري ومسلم: ٥٠١٥، ٨١١]

**4. Ang Sūrah al-Ikhlās.** Ayon kay Abū ad-Dardā' (RA): "Ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: ***Nawawawalan ba ng kakayahan ang isa sa inyo na basahin sa isang gabi ang ikatlong bahagi ng Qur'an?*** Nagsabi sila: At papaano babasahin ang ikatlong

---

[4] *o* Basahin.

bahagi ng Qur'an? Nagsabi siya: ***Ang [sūrah na nagsisimula sa]*** **qul huwallāhu ahad**[5] ***ay katumbas ng ikatlong bahagi ng Qur'an.*"** (Isinalaysay ito nina Imām al-Bukhārī at Imām Muslim: 5015/811.)

٥- **المعوذتين:** عن عقبة بن عامر ـ ﷺ ـ قال: قال رسول الله ﷺ: «ألم تر آيات أُنزلت الليلة ؟ لم يُرَ مِثلُهن قط: ﴿ قل أعوذ برب الفلق ﴾ و ﴿ قل أعوذ برب الناس ﴾». [رواه مسلم: ٨١٤]

**5. Ang Panalangin sa Pagpapakupkop kay Allah.** Ayon kay 'Uqbah ibnu 'Āmir (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Hindi mo ba napag-alaman ang mga talata [ng Qur'an] na ibinaba kagabi, na walang nakita na tulad ng mga ito kailanman? Ang mga ito ay ang mga sūrah na nagsisimula sa*** **qul a'ūdhu birabbil falaq** *at* **qul a'ūdhu birabbin nās.**[6]" (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 814.)

٦- **سورة البقرة:** عن أبي هريرة ﷺ، أن رسول الله ـ ﷺ ـ قال: «لا تجعلوا بيوتكم مقابر، إنَّ الشيطان ينفر من البيت الذي تُقرأ فيه سورة البقرة». [رواه مسلم: ٧٨٠]

**6. Ang Sūrah al-Baqarah.** Ayon kay Abū Hurayrah (RA): "Ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***Huwag ninyong gawin ang mga bahay ninyo na mga libingan. Tunay na ang Demonyo ay lumalayo sa bahay na binabasa sa loob nito ang sūrah al-Baqarah.*"** (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 780.)

---

[5] Ang sūrah 112.

[6] Ang dalawang huling sūrah ng Qur'an.

٧- **سورة البقرة وآل عمران:** عن أبي أمامة الباهلي -ﷺ- قال: سمعت رسول الله -ﷺ- يقول: «اقرءوا القرآن، فإنه يأتي يوم القيامة شفيعًا لأصحابه، اقرءوا الزهراوين: البقرة وسورة آل عمران، فإنهما يأتيان يوم القيامة كأنهما غمامتان، أو كأنهما غيايتان، أو كأنهما فِرقَان من طير صواف، تُحاجان عن أصحابهما، اقرءوا سورة البقرة، فإنَّ أخذها بركة، وتركها حسرة، ولا يستطيعها البطلة». [رواه مسلم: ٨٠٤] البطلة أي: السحرة.

**7. Ang Sūrah al-Baqarah at ang Sūran Āl 'Imrān.** Ayon kay Abū Umāmah al-Bāhilī (RA) na nagsabi: "Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi: ***Bigkasin ninyo ang Qur'ān dahil ito ay darating sa araw ng pagkabuhay bilang isang taga-pamagitan sa mga tumatanggkilik nito. Bigkasin ninyo ang dalawang manining: ang [Sūrah] al-Baqarah at ang Sūrah Āl 'Imrān dahil tunay na ang mga ito ay darating sa araw ng Pag-kabuhay na parang ang mga ito ay dalawang ulap o parang ang mga ito ay dalawang lilim o dalawang langkay ng mga ibon na nakaladlad ang mga pakpak, na mangangatuwiran sa mga bumi-bigkas sa dalawang ito. Bigkasin ninyo ang Sūrah al-Baqarah dahil ang pagtangkilik nito ay biyaya at ang pag-iwan nito ay hinagpis at hindi ito makakaya ng mga manggagaway.***" (Isina-laysay ito ni Imām Muslim: 804.)

٨- **آية الكرسي:** عن أبي بن كعب -ﷺ- قال: قال رسول الله ﷺ: «... يا أبا المنذر! أتدري أيُّ آية من كتاب الله معك أعظم؟» قُلْتُ: ﴿اللَّه لا إلهَ إلاَّ هُو الحَيُّ القَيُّومُ﴾ فضَرَبَ في صدري وقال: «[والله] ليهنكَ العلمُ أبا المنذر». [رواه مسلم: ٨١٠]

**8. Ang Āyatul Kursī.** Ayon kay Ubayy Ibnu Ka'b (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***O Abūl Mundhir,***[7] ***nalalaman mo ba kung aling āyah mula sa Aklat ni Allah na nasa iyo ay pinakadakila?*** Nagsabi ako: [Ang nagsisimula sa] **Allāhu lā ilāha illā huwal hayyul qayyūm.**[8] Kaya tinapik niya ako sa dibdib ko at nagsabi: ***[Sumpa man kay Allah,] padaliin sa iyo ang kaalaman, o Abūl Mundhir.***" (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 810.)

**٩- آخر سورة البقرة:** عن أبي مسعود ـ ﷺ ـ قال: قال النبي ﷺ: «من قرأ بالآيتين من آخر سورة البقرة في ليلة كفتاه». [متفق عليه: ٥٠١٠، ٨٠٨] قال النووي ـ رحمه الله ـ كفتاه من قيام الليل، وقيل من الشيطان، وقيل من الآفات، ويحتمل من الجميع. انتهى.

**9. Ang Huling Bahagi ng Sūrah al-Baqarah.** Ayon kay Abū Mas'ūd (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Propeta (SAS): ***Ang sinumang bumigkas sa dalawang āyah sa huling bahagi ng Sūrah al-Baqarah sa gabi, makasasapat na ang dalawang ito sa kanya.***" (Muttafaq 'Alayhi: 5010/808.) Ayon kay Imām an-Nawawī, kaawaan nawa siya ni Allah: Makasasapat na ang dalawang ito sa kanya kapalit sa pagsasagawa ng qiyāmul layl, o may nagsasabing laban sa Demonyo, may nagsasabing laban sa mga kapinsalaan. Maaari ring sa lahat ng ito.

**١٠- حفظ أول سورة الكهف:** عن أبي الدرداء ﷺ، أنَّ النبي ـ ﷺ ـ قال: «من حَفِظَ عشر آيات من أول سورة الكهف، عُصِمَ من الدجال». [رواه مسلم: ٨٠٩] وفي رواية أخرى لمسلم: «من حفظ عشر آيات من آخر سورة الكهف ... الحديث».

---

[7] Ang taguri ni Ubayy Ibnu Ka'b.

[8] Matatagpuan ito Sūrah al-Baqarah (2): 255.

**10. Ang Pagsasaulo sa Unang Bahagi ng Sūrah al-Kahf.** Ayon kay Abū Dardā' (RA): "Ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***Ang sinumang nakasaulo sa sampung āyah ng unang bahagi ng Sūrah al-Kahf, mapangangalagaan siya laban sa Bulaang-Kristo.***" (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 809.) Sa iba pang sanaysay ni Imām Muslim: "***Ang sinumang nakasaulo sa sampung āyah ng huling bahagi ng Sūrah al-Kahf,***"

## فضائل ذكر الله تعالى

## Ang mga Kainaman ng Pag-alaala kay Allah

١١- **كثرة ذكر الله تعالى:** عن أبي هريرة ـ رضي الله عنه ـ قال: قال رسول الله ﷺ: ((سبق المُفَرِّدُون)). قالوا: وما المفردون؟ يا رسول الله. قال: ((الذاكرون الله كثيرًا، والذاكرات)). [رواه مسلم: ٢٦٧٦]

**11. Ang Madalas ng Pag-alaala kay Allah – pagkataas-taas Niya.** Ayon kay Abū Hurayrah (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Nanguna ang mga Mufarrid.*** Nagsabi naman sila: Ano po ang mga Mufarrid, o Sugo ni Allah? ***Ang mga lalaking nag-aalaala kay Allah nang madalas at ang mga babaeng nag-aalaala.***" (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 2676.)

١٢- وعن أبي موسى ـ رضي الله عنه ـ قال: قال نبي الله ﷺ: ((مَثَلُ الذي يذكر ربه، والذي لا يذكر ربه، مَثَلُ الحي والميت)). [متفق عليه: ٦٤٠٧، ٧٧٩] و لفظ مسلم: ((مَثَلُ البيت الذي يُذكر الله فيه، والبيت الذي لا يُذكر الله فيه، مَثَلُ الحي والميت)).

**12.** Ayon kay Abū Mūsā (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Propeta ni Allah (SAS): ***Ang paghahalintulad sa umaalaala sa Panginoon niya at sa hindi umaalaala sa Panginoon niya ay ang paghahalintulad sa buhay at patay.*** " (Muttafaq 'Alayhi 6407/779. Ang teksto naman ayon kay Imām Muslim: "***Ang paghahalintulad sa bahay na inaalaala si Allah sa loob nito at sa bahay na hindi inaalaala si Allah sa loob nito at ang paghahalintulad sa buhay at patay.***"

١٣- **التسبيح:** عن سعد ـ رضي الله عنه ـ قال: كنا عند رسول الله ـ ﷺ ـ فقال: «أيعجز أحدكم أنّ يكسب كل يوم ألف حسنة ؟ ». فسأله سائل من جلسائه: كيف يكسب أحدنا ألف حسنة ؟ قال: « يسبح مئة تسبيحةٍ فيكتب له ألف حسنة ، أو يحط عنه ألف خطيئة ». [رواه مسلم: ٢٦٩٨]

**13. Ang Tasbīh.** Ayon kay Sa'd (RA) na nagsabi: "Kami noon ay nasa tabi ng Sugo ni Allah (SAS) at nagsabi siya: ***Mahina ba ang isa sa inyo na kumita sa bawat araw ng isang libong magandang gawa?*** Kaya tinanong siya ng isang nagtatanong mula sa mga katabi sa upuan niya: Paano pong kikita ang isa sa amin ng isang libong magandang gawa? Nagsabi siya: ***Magluluwalhati siya ng isandaang tasbīhah[9] at isusulat [sa talaang] ukol sa kanya ang isang libong magandang gawa, o aalisin mula sa [talaang ukol sa] kanya ang isang libong pagkakamali.*** " (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 2698.)

١٤- وعن أبي هريرة رضي الله عنه ، أن رسول الله ـ ﷺ ـ قال: « من قال: سبحان الله وبحمده في يوم مئة مرة حطت عنه خطاياه وإن كانت مثل زبد البحر». [متفق عليه: ٦٤٠٥، ٢٦٩١]

---

9 Ang pagsabi ng subhānallāh (Kaluwalhatian kay Allah).

**14.** Ayon kay Abū Hurayrah (RA): "Ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***Ang sinumang magsabi ng* subẖānallāhi wa biẖamdih**[10] ***nang isandaang ulit sa isang araw, pababababain ang [bilang ng] mga kamalian niya, kahit pa man kasindami ng bula ng dagat.***" (Muttafaq 'Alayhi: 6405/2691.)

١٥- وعنه ـ رضي الله عنه ـ قال: قال رسول الله ﷺ: (( من قال حين يصبح وحين يمسي: سبحان الله وبحمده، مئة مرة لم يأتِ أحدٌ يوم القيامة بأفضل مما جاء به، إلا رجلٌ قال مثل ما قال، أو زاد عليه )). [رواه مسلم: ٢٦٩٢]

**15.** Ayon pa rin kay Abū Hurayrah (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Ang sinumang magsabi kapag nag-umaga at kapag gumabi ng* subẖānallāhi wa biẖamdih *nang isandaang ulit ay hindi madadala ng isa sa araw ng Pagka-buhay ang mainam pa kaysa sa dinala niya, maliban sa isang tao na nagsabi ng tulad sa sinabi niya o dinagdagan pa niyon ito.***" (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 2692.)

١٦- وعنه رضي الله عنه، عن النبي ـ ﷺ ـ قال: (( كلمتان خفيفتان على اللسان، ثقيلتان في الميزان، حبيبتان إلى الرحمن: سبحان الله وبحمده، سبحان الله العظيم )). [متفق عليه: ٦٤٠٦، ٢٦٩٤. وهذا لفظ مسلم]

**16.** Ayon pa rin kay Abū Hurayrah (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: "***May dalawang pangungusap na magaan sa dila, mabigat sa timbangan [ng gawa], kaibig-ibig sa Napakamaawain:* subẖānallāhi wa biẖamdih *at* subẖānallāhil 'adhīm.**[11]" (Muttafaq 'Alayhi: 2694/6406. Ito ay teksto ni Imām Muslim.)

---

[10] Kaluwalhatian kay Allah kalakip ng papuri sa Kanya.

[11] Kaluwalhatian kay Allah at kalakip ang papuri sa Kanya; kaluwalhatian kay Allah, ang Pinakadadakila.

١٧- وعنه - ﷺ - قال: قال رسول الله ﷺ: «لأن أقول: سبحان الله، والحمد لله، ولا إله إلا الله، والله أكبر، أحب إليَّ مما طلعت عليه الشمس». [رواه مسلم: ٢٦٩٥]

**17.** Ayon pa rin kay Abū Hurayrah (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Na magsabi ako ng subhānallāh, alhamdu lillāh, lā ilāha illallāh, allāhu akbar*[12] *ay higit na kaibig-kaibig sa akin kaysa sa anumang sinisikatan ng araw.***" (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 2695.)

١٨- وعنه ﷺ، عن رسول الله ﷺ: «من سبح الله في دبر كل صلاة ثلاثًا وثلاثين، وحَمِدَ الله ثلاثًا وثلاثين، و كَبَّر الله ثلاثًا وثلاثين، فتلك تسعة وتسعون، وقال تمام المئة: لا إله إلا الله وحده لا شريك له، له الملك وله الحمد وهو على كل شيء قدير، غُفِرَت خطاياه وإن كانت مثل زبد البحر». [رواه مسلم: ٥٩٧]

**18.** Ayon pa rin kay Abū Hurayrah (RA), ayon sa Sugo ni Allah (SAS): ***"Ang sinumang nagluwalhati*[13] *kay Allah nang makatatlumpu't tatlong ulit matapos ang bawat salāh, at nagpuri*[14] *kay Allah nang makatatlumpu't tatlong ulit, at nagdakila*[15] *kay Allah nang makatatlumpu't tatlong ulit –at iyon ay siyamnapu't siyam – at nagsabi sa pagbuo ng isandaan:*** **lā ilāha illa'llāh wahdahu lā sharīka lah, lahu'lmulku wa lahu'lhamd, wa huwa 'alā kulli shay'in qadīr,**[16] ***patatawarin ang mga kasalanan niya,***

---

[12] Kaluwalhatian kay Allah; Ang papuri ay ukol kay Allah; Walang Diyos kundi si Allah; si Allah ay pinakadakila.

[13] Sa pamamagitan ng pagsabi ng subhānallāh (Kaluwalhatian kay Allah).

[14] Sa pamamagitan ng pagsabi ng alhamdu lillāh (Ang papuri ay ukol kay Allah).

[15] Sa pamamagitan ng pagsabi ng Allāhu akbar (Si Allah ay pinakadakila).

[16] Walang Diyos kundi si Allah, nag-iisa Siya: wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa lahat ng bagay ay may-kakayahan.

***kahit pa ito ay tulad ng mga bula ng dagat [sa dami].*"** (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 597.)

**١٩- لا حول ولا قوة إلا بالله:** عن أبي موسى الأشعري -ﷺ- قال: قال لي رسول الله ﷺ: (( ألا أدُلك على كلمةٍ من كنز الجنة ؟ )). قلت: بلى، قال: (( لا حول ولا قوة إلا بالله )). [ متفق عليه: ٦٤٠٩، ٢٧٠٤]

**19. Ang Pagsabi ng lā hawla wa lā qūwata illā bi'llāh.** Ayon kay Abū Mūsā al-Ash'arī (RA) na nagsabi: "Nagsabi sa akin ang Sugo ni Allah (SAS): ***Ituturo ko ba sa iyo ang isang pangungusap na kabilang sa mga kayamanan ng Paraiso?*** Sinabi ko: Opo. Nagsabi siya: ***lā hawla wa lā qūwata illā bi'llāh.***[17]" (Muttafaq 'Alayhi: 6409/2704).

**٢٠- سيد الاستغفار:** عن شداد بن أوس ﷺ، عن النبي -ﷺ- قال: ((سيد الاستغفار أن يقول: اللهم أنت ربي لا إله إلا أنت، خلقتني وأنا عبدك، وأنا على عهدك ووعدك ما استطعت، أعوذ بك من شر ما صنعت، أبوء لك بنعمتك عليَّ، وأبوء بذنبي، فاغفر لي، إنه لا يغفر الذنوب إلا أنت )). قال: (( ومن قالها من النهار موقنًا بها، فمات من يومه قبل أن يمسي، فهو من أهل الجنة، ومن قالها من الليل، وهو موقنٌ بها، فمات قبل أنْ يصبح، فهو من أهل الجنة )). [ رواه البخاري: ٦٣٠٦]

**20. Ang Pangunahing Panalangin sa Paghingi ng Tawad.** Ayon kay Shaddād ibnu Aws (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: ***"Ang pangunahing panalangin sa paghingi ng tawad ay magsabi*: Allāhumma anta rabbī, lā ilāha illā anta, khalaqtanī wa anā 'abduka, wa anā 'alā 'ahdika wa wa'dika mastaṯa'tu, a'ūdhu bika min sharri mā ṣana'tu, abū'u laka bini'matika 'alayya, wa abū'u bidhambī, faghfir lī innahū lā yaghfirudh**

---

[17] Walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allah.

**dhunūba illā anta.**[18] Nagsabi pa siya: ***"Ang sinumang magsabi nito sa aling bahagi ng maghapon na nakatitiyak dito at namatay sa araw ring iyon bago gumabi, siya ay mapabibilang sa mga maninirahan sa Paraiso. Ang sinumang magsabi nito sa aling bahagi ng gabi na nakatitiyak dito at namatay bago mag-umaga, siya ay mapabibilang sa mga maninirahan sa Paraiso."*** (Isinalaysay ito ni Imām al-Bukhārī: 6306.)

**٢١- الدعاء حين الاستيقاظ أثناء النوم**: عن عبادة بن الصامت ﷺ، عن النبي ﷺ- قال: (( من تعارَّ من الليل فقال: لا إله إلا الله وحده لا شريك له، له الملك وله الحمد، وهو على كل شيء قدير، الحمد لله، وسبحان الله، والله أكبر، ولا حول ولا قوة إلا بالله، ثم قال: اللهم اغفر لي، أو دعا، استُجيب له، فإنْ توضأ وصلى قُبِلت صلاته )) [رواه البخاري: ١١٥٤]

## 21. Ang Panalangin Kapag Nagising sa Gitna ng Tulog.

Ayon kay Ubādah ibnu as-Sāmit (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: ***"Ang sinumang nagising sa gitna ng tulog sa gabi at nagsabi ng* lā ilāha illallāh wahdahu lā sharīka lah, lahul mulku wa lahul hamd wa huwa 'alā kulli shay'in qadīr, alhamdu lillāh, subhānallāh, allāhu akbar, wa lā hawla wa lā qūwata illā billāh *pagkatapos ay nagsabi ng* Allāhummaghfir lī**[19] ***o***

[18] O Allah, Ikaw ay Panginoon ko. Walang [totoong] Diyos kundi Ikaw. Nilikha Mo ako at ako ay alipin Mo. Ako ay nasa ilalim ng kasunduan sa Iyo at pangako sa Iyo hanggang sa abot ng makakaya ko. Nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa masama sa nagawa ko. Kinikilala ko sa Iyo ang biyaya Mo sa akin. Inaamin ko ang pagkakasala ko; kaya patawarin Mo ako sapagkat walang nagpapatawad sa mga pagkakasala kundi Ikaw.

[19] Walang Diyos kundi si Allāh, nag-iisa Siya: wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa lahat ng bagay ay may-kakayahan. Ang papuri ay ukol kay Allah; Kaluwalhatian kay Allah; at Si Allah ay dakila; Walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allah. Pagkatapos ay nagsabi ng O Allah patawarin Mo ako.

***dumalangin, tutugunin siya; at kung nagsagawa siya ng wudū' at nagdasal, tatanggapin ang salāh niya."*** (Isinalaysay ito ni Imām al-Bukhārī: 1154.)

**٢٢- التهليل:** عن أبي هريرة ﷺ، أن رسول الله ـ ﷺ ـ قال: (( من قال: لا إله إلا الله وحده لا شريك له، له الملك وله الحمد وهو على كل شيء قدير، [ في يوم ] مئة مرة كانت له عدل عشر رقاب، وكُتبت له مئة حسنة، ومُحيت عنه مئة سيئة، وكانت له حرزًا من الشيطان يومه ذلك حتى يمسي، ولم يأت أحدٌ بأفضل مما جاء به إلا رجلٌ عمل أكثر منه )). [ متفق عليه: ٦٤٠٣، ٢٦٩١]

**22. Ang Tahlīl.** Ayon kay Abū Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***"Ang sinumang magsabi ng:* lā ilāha illa'llāh wahdahu lā sharīka lah, lahu'lmulku wa lahu'lhamd, wa huwa 'alā kulli shay'in qadīr,**[20] ***[sa isang araw] nang makaisangdaang ulit ay magkakamit siya ng [gantimplang] katumbas sa pagpapalaya ng sampung alipin, itatala para sa kanya ang isandaang magandang gawa, papawiin mula sa kanya ang isandaang masamang gawa, at magkaroon siya ng pangangalaga laban sa Demonyo sa araw niyang iyon hanggang sa gumabi. Walang isang darating na may taglay na higit na mainam sa tinaglay niya maliban sa taong gumawa ng higit sa kanya."*** (Muttafaq 'Alayhi: 6403/2691.)

٢٣- وعن أبي أيوب الأنصاري ـ ﷺ ـ قال: قال رسول الله ﷺ : (( من قال لا إله إلا الله وحده لا شريك له، له الملك وله الحمد، وهو على كل شيء قدير، عشر مرار، كان كمن أعتق أربعة أنفس من ولد إسماعيل )). [ رواه مسلم: ٢٦٩٣]

---

[20] Walang Diyos kundi si Allah, nag-iisa Siya: wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa lahat ng bagay ay may-kakayahan.

**23.** Ayon Abū Ayyūb al-Anṣārī (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***"Ang sinumang magsabi ng* lā ilāha illa'llāh waḥdahu lā sharīka lah, lahu'lmulku wa lahu'lḥamd, wa huwa 'alā kulli shay'in qadīr**[21] ***nang makasampung ulit, siya ay magiging gaya ng nagpalaya ng apat na tao mula sa mga anak ni Ismā'īl."*** (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 2693.)

**٢٤- فضل مجالس الذكر:** عن أبي هريرة، وأبي سعيد الخدري رضي الله عنهما، عن النبي - ﷺ - قال: « لا يقعد قوم يذكرون الله - عز وجل - إلا حفتهم الملائكة، وغشيتهم الرحمة، ونزلت عليهم السكينة، وذكرهم الله فيمن عنده ». [رواه مسلم: ٢٧٠٠]

**24. Ang Kainaman ng Pagtitipon sa Pag-alaala kay Allah.** Ayon kina Abū Hurayrah (RA) at Abu Sa'īd al-Khudrī (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: ***"Kapag may nakaupong mga tao na nag-aalaala kay Allah – kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan – pinaliligiran sila ng mga anghel, nilulukob sila ng awa, bumababa sa kanila ang kapanatagan, at binabanggit sila ni Allah sa sinumang nasa piling Niya."*** (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 2700.)

**٢٥- الصلاة على النبي ﷺ:** عن أبي هريرة رضي الله عنه، أن رسول الله - ﷺ - قال: « من صلى عليّ واحدةً، صلى الله عليه عشرًا ». [رواه مسلم: ٤٠٨]

**25. Ang Panalangin ng Pagpapala sa Propeta (SAS).** Ayon kay Abū Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***"Ang sinumang manalangin ng pagpapala para sa akin nang isang ulit, pagpapalain siya ni Allah nang makasampung ulit."*** (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 408.)

---

[21] Walang Diyos kundi si Allah, nag-iisa Siya: wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa lahat ng bagay ay may-kakayahan.

**٢٦- حمد الله بعد الأكل والشرب:** عن أنس بن مالك ـ ﷺ ـ قال: قال رسول الله ﷺ: « إن الله ليرضى عن العبد أن يأكل الأكلة فيحمده عليها، أو يشرب الشربة فيحمده عليها » [رواه مسلم: ٢٧٣٤]

**26. Ang Pagpupuri Kay Allah[22] Pagkatapos Kumain at Uminom.** Ayon kay Anas ibnu Mālik (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Tunay na si Allah ay talagang nalulugod sa tao na kakain ng pagkain at saka magpupuri sa Kanya dahil doon, o iinom ng inumin at saka magpupuri sa Kanya dahil doon.*** " (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 2734.)

## فضائل الوضوء والصلاة

## Ang mga Kainaman ng Wuḏū' at Ṣalāh

**٢٧- إحسان الوضوء:** عن عثمان بن عفان ـ ﷺ ـ قال: قال رسول الله ﷺ: « من توضأ فأحسن الوضوء خرجت خطاياه من جسده، حتى تخرج من تحت أظفاره ».

[رواه مسلم: ٢٤٥]

**27. Ang Mahusay na Pagsasagawa ng Wuḏū'.** Ayon kay 'Uthmān ibnu 'Affān (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Ang sinumang nagsagawa ng wuḏū' at hinusayan ang pagsasagawa ng wuḏū', lalabas ang mga kamalian niya mula sa katawan niya hanggang sa lumabas mula sa ilalim ng mga kuko niya.*** " (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 245.)

---

[22] Magsabi ng alḫamdu lillāh: ang papuri ay ukol kay Allah.

٢٨- وعن عثمان بن عفان ـ ﷺ ـ قال: قال رسول الله ﷺ: «من أتم الوضوء كما أمر الله تعالى، فالصلوات المكتوبات كفارات لما بينهن». [رواه مسلم: ٢٣١]

**28.** Ayon kay 'Uthmān ibnu 'Affān (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Ang sinumang lumubos sa wuḏū' gaya ng ipinag-utos ni Allah – pagkataas-taas Niya – ang mga itinakdang dasal ay mga pambayad-sala sa anumang nasa pagitan ng mga ito.*** " (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 231.)

٢٩- **التشهد بعد الوضوء:** عن عمر بن الخطاب ـ ﷺ ـ قال: قال رسول الله ﷺ: «ما منكم من أحد يتوضأ فيسبغ الوضوء ثم يقول: أشهد أنْ لا إله إلا الله، وأنَّ محمدًا عبده ورسوله إلاَّ فتحت له أبواب الجنة الثمانية، يدخل من أيها شاء» [رواه مسلم: ٢٣٤]

**29. Ang Pagbigkas ng Shahādah Matapos ang Wuḏū'.** Ayon kay 'Umar ibnu al-Khaṯṯāb na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Kapag mayroon sa inyo na isang nagsasagawa ng wuḏū' at nilulubos ang pagsasagawa ng wuḏū', pagkatapos ay magsasabi ng*** **ash'hadu an lā ilāha illallāh wa anna Muḫammadan 'abduhu wa rasūluh,** ***bubuksan para sa kanya ang walong pinto ng Paraiso; makapapasok siya sa alin man sa mga ito na loloobin niya.*** " (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 234.)

٣٠- **الترديد مع المؤذن ثم الصلاة على النبي ﷺ:** عن عبدالله بن عمرو رضي الله عنهما، أنه سمع النبي ـ ﷺ ـ يقول: «إذا سمعتم المؤذن فقولوا مثل ما يقول، ثم صلوا عليَّ، فإنه من صلى عليَّ صلاة، صلى الله عليه بها عشرًا ... الحديث». [رواه مسلم: ٣٨٤]

**30. Ang Pag-uulit sa Sinasabi ng Mu'adhdhin, Pagkatapos ay ang Pagdalangin Para sa Propeta.** Ayon kay 'Abdullāh ibnu 'Amr (RA), narinig niya ang Propeta (SAS) na nagsasabi:

***"Kapag narinig ninyo ang mu'adhdhin ay sabihin ninyo ang tulad sa sinasabi niya, pagkatapos ay manalangin kayo para sa akin sapagkat ang sinumang dumalangin para sa akin ng isang pagpapala, pagkakalooban siya ni Allah ng sampung pagpapala."*** (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 384.)

**٣١- الدعاء حين سماع المؤذن:** عن جابر بن عبدالله ﷺ، أن النبي - ﷺ - قال: ((من قال حين يسمع النداء: اللهم رب هذه الدعوة التامة والصلاة القائمة، آتِ محمدًا الوسيلة والفضيلة، وابعثه مقامًا محمودًا الذي وعدته؛ حلت له شفاعتي يوم القيامة)). [رواه البخاري: ٦١٤]

**31. Ang Panalangin Kapag Narinig ang Adhān.** Ayon kay Jābir ibnu 'Abdullāh (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***"Ang sinumang magsabi kapag narinig niya ang panawagan [sa ṣalāh]:* Allāhumma rabba hādhihid da'watit tāmmah waṣ ṣalātil qā'imah, āti muhammadanil wasīlata wal faḏīlah, wab'athhu maqāmam maḫmūdā, alladhī wa'attahu[23] *nararapat sa kanya ang Pamamagitan ko sa Araw ng Pagkabuhay."*** (Isinalaysay ito ni Imām al-Bukhārī: 614.)

**٣٢- فضل الأذان:** عن أبي سعيد الخدري - ﷺ - قال: سمعت رسول الله - ﷺ - يقول: (( لا يسمع مدى صوت المؤذن جنٌّ ولا إنسٌ، ولا شيءٌ إلا شهد له يوم القيامة )). [رواه البخاري: ٦٠٩]

---

[23] O Allah, Panginoon ng ganap na panawagan na ito at ṣalāh na isasa-gawa, bigyan mo si Muhammad ng karapatang mamagitan at kalamangan. Ibangon Mo siya sa kapuri-puring katayuan, na ipinangako Mo.

**32. Ang Kabutihan ng Adhān.** Ayon kay Abu Sa'īd al-Khudrī (RA) na nagsabi: "Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi: ***Walang nakaririnig ng naabot ng tinig ng mu'adhdin na isang jinnī ni isang tao ni isang bagay na hindi sasaksi para sa kanya sa Araw ng Pagkabuhay.*** " (Isinalaysay ito ni Imām al-Bukhārī: 609.)

**٣٣- بناء المساجد:** عن عثمان بن عفان ـ رضي الله عنه ـ قال عند قول الناس فيه حين بنى مسجد رسول الله ﷺ : إنكم أكثرتم وإني سمعت النبي ـ ﷺ ـ يقول : «من بنى مسجدًا ـ قال بُكير: حسبت أنه قال: يبتغي به وجه الله ـ بنى الله له مثله في الجنة» [متفق عليه : ٤٥٠- ٥٣٣]

**33. Ang Pagpapatayo ng mga Masjid.** Ayon kay 'Uthmān Ibnu 'Affān (RA) na nagsabi nang nagsalita ang mga tao hinggil sa kanya noong itatayo niya ang Masjid ng Sugo ni Allah (SAS): Tunay na kayo ay maraming sinabi at tunay na ako ay nakarinig sa Propeta (SAS) na nagsasabi: ***"Ang sinumang magpatayo ng isang masjid,"*** – nagsabi si Bukayr: Ipinagpalagay ko na nagsabi siya: ***"na hinahangad sa pamamagitan nito ang [ikasi-siya ng] Mukha ni Allah" – "magpapatayo si Allah para sa kanya ng tulad niyon sa Paraiso."*** (Muttafaq 'Alayhi: 450/533.)

**٣٤- التأمين مع الإمام:** عن أبي هريرة ﷺ ، أن رسول الله ـ ﷺ ـ قال : «إذا أمَّن الإمامُ فأمنوا ، فإنهُ من وافقَ تأمينُه تأمينَ الملائكةِ ، غُفِر لهُ ما تقدم من ذنبه». [متفق عليه : ٧٨٠، ٤١٠]

**34. Ang Pagsabi ng Amen Pagkatapos ng Imām.** Ayon kay Abū Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***"Kapag nagsabi ng Amen ang imām ay magsabi kayo ng Amen,***

***sapagkat ang sinumang sumabay ang pagsabi niya ng Amen sa pagsabi ng amen ng mga anghel, patatawarin ang nauna sa pagkakasala niya."*** (Muttafaq 'Alayhi: 780/410.)

**٣٥- التبكير إلى الصلاة :** عن أبي هريرة - ﷺ - قال : قال رسول الله ﷺ : ((... ولو يعلمون ما في التهجير لاستبقوا إليه ... الحديث )). [متفق عليه: ٦١٥، ٤٣٧] التهجير أي : التبكير .

**35. Ang Maagang Pagpunta sa Masjid.** Ayon kay Abū Hurayrah (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Kung nalalaman lamang nila ang [biyaya] sa maagang pagpunta [sa masjid], talagang nag-unahan na sana sila roon.***" (Muttafaq 'Alayhi: 615/437.)

**٣٦- التطهر في المنزل ثم المشي إلى المسجد:** عن أبي هريرة - ﷺ - قال : قال رسول الله ﷺ : (( من تطهر في بيته ثم مشى إلى بيت من بيوت الله ، ليقضي فريضة من فرائض الله ، كانت خطواته إحداهما تَحُطُّ خطيئة ، والأخرى ترفع درجة )). [رواه مسلم: ٦٦٦]

**36. Ang Pagsasagawa ng Wudū' sa Tirahan at Pagkatapos ay ang Paglalakad Patungo sa Masjid.** Ayon kay Abū Hurayrah (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Ang sinumang nagsagawa ng wudū' sa bahay niya, pagkatapos ay naglakad patungo sa isa sa mga bahay ni Allah upang isagawa ang isa sa mga [salāh na] isinatungkulin ni Allah, ang mga hakbang niya [ay ganito:] ang isa sa dalawa ay nagbababa ng kasalanan [niya] at ang isa pa ay nag-aangat ng antas [niya].***" (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 666.)

٣٧- **كثرة الخطا إلى المساجد :** عن أبي هريرة ﷺ ، أن رسول الله - ﷺ - قال : (( ألا أدلكم على ما يمحو الله به الخطايا ، ويرفع به الدرجات )). قالوا : بلى يا رسول الله ، قال : (( إسباغ الوضوء على المكاره ، وكثرة الخطا إلى المساجد ، وانتظار الصلاة بعد الصلاة ، فذلكم الرباط )).[ رواه مسلم : ٢٥١]

**37. Ang dami ng hakbang patungo sa mga masjid.** Ayon kay Abū Hurayrah, ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***"Ituturo ko ba sa inyo ang ipinampapawi ni Allah sa mga kasalanan at ang ipinantataas Niya sa mga antas?"*** Nagsabi sila: "Opo, o Sugo ni Allah." Nagsabi siya: ***"Ang paglubos sa pagsasagawa ng wudū' sa mga mahirap na sandali, ang maraming paghakbang tungo sa mga masjid at ang paghihintay sa isang salāh matapos ang isang salāh. Iyan ang pagbibigkis [sa sarili sa ibig ni Allah]."*** (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 251.)

٣٨- وعنه ﷺ ، عن النبي - ﷺ - قال : (( من غدا إلى المسجد أو راح ، أعد الله له في الجنة نزلاً ، كلما غدا أو راح )). [ متفق عليه : ٦٦٢ ، ٦٦٩ . وهذا لفظ مسلم ] النزل : ما يهيأ للضيف عند قدومه .

**38.** Ayon kay Abū Hurayrah (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: ***"Ang sinumang pumunta sa masjid o tumungo ay maghahanda si Allah para sa kanya sa Paraiso ng isang tuluyan, sa tuwing pumunta o tumungo siya."*** (Muttafaq 'Alayhi: 662/669. Ito ay teksto ni Imām Muslim.)

٣٩- **المحافظة على السنن الرواتب :** عن أم حبيبة رضي الله عنها ، أنها سمعت رسول الله - ﷺ - يقول : (( ما من عبد مسلم يصلي لله كل يوم ثنتي عشرة ركعة تطوعًا غير الفريضة ، إلا بنى الله له بيتًا في الجنة )). [ رواه مسلم : ٧٢٨]

**39. Ang Pangangalaga sa mga Sunnah Rātibah.** Ayon kay Umm Habībah (RA), narinig niya ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi: ***"Walang isang lingkod na Muslim na nagdarasal kay Allah sa bawat araw ng labindalawang rak'ah na [salāh na] pagkukusang-loob, hindi [salāh na] isinatungkulin, na hindi gagawan ito ni Allah ng isang bahay sa Paraiso."*** (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 728.)

**٤٠- قيام الليل :** عن أبي هريرة رضي الله عنه ، أن رسول الله - ﷺ - سُئل : أيُّ الصلاة أفضل بعد المكتوبة ، فقال : « أفضل الصلاة بعد الصلاة المكتوبة : الصلاة في جوف الليل ». [ رواه مسلم : ١١٦٣ ]

**40. Ang Qiyāmullayl.**[24] Ayon kay Abū Hurayrah, ang Sugo ni Allah (SAS) ay tinanong kung aling salāh ang pinakamainam pagkatapos ng salāh na isinatungkulin, kaya sinabi niya: ***"Ang pinakamainam na salāh pagkatapos ng salāh na isinatung-kulin ay ang salāh sa kalaliman ng gabi."*** (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 1163.)

**٤١- صلاة العشاء والصبح في جماعة :** عن عثمان بن عفان - رضي الله عنه - قال : سمعت رسول الله - ﷺ - يقول : « من صلى العشاء في جماعة فكأنما قام نصف الليل ، ومن صلى الصبح في جماعة فكأنما صلى الليل كله ». [ رواه مسلم : ٦٥٦ ]

**41. Ang Salāh na 'Ishā' at Fajr sa Jamā'ah.** Ayon kay 'Uthmān ibnu 'Affān (RA) na nagsabi, narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi: ***"Ang sinumang nagdasal sa gabi sa jamā'ah ay para bagang nagdasal siya ng kalahating gabi; at***

---

[24] Anumang sunnah na salāh sa gabi gaya ng salātul witr, salātut tarāwīh at tahajjud.

***ang sinumang nagdasal sa madaling-araw sa jamā'ah ay para bagang nagdasal siya nang buong gabi."*** (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 656.)

**٤٢- حضور الجمعة بإحسان وضوء ، واستماع ، وإنصات:** عن أبي هريرة -ﷺ- قال: قال رسول الله ﷺ : «من توضأ فأحسن الوضوء ،ثم أتى الجمعة فاستمع وأنصت ، غُفر له ما بينه وبين الجمعة ، و زيادة ثلاثة أيام ...الحديث». [ رواه مسلم: ٨٥٧] وسبب زيادة ثلاثة أيام، لأن الحسنة بعشر أمثالها.

**42. Ang Pagdalo sa Jumu'ah nang may Mahusay na Wuḏū', Pakikinig at Pananahimik.** Ayon kay Abū Hurayrah (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Ang sinumang magsagawa ng wuḏū' at hinusayan niya ang pagsasagawa ng wuḏū', pagkatapos ay pumunta siya sa ṣalāh sa Jumu'ah at nakikinig at nanahimik, patatawarin siya sa pagpakasala sa pagitan ng [Jumu'ah na] ito at ng [kasunod na] Jumu'ah at karagdagang tatlong araw.***" (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 857.) Ang dahilan ng pagdagdag ng tatlong araw ay dahil sa ang magandang gawa ay ginagantimpalaan ng sampung tulad nito.

**٤٣- التبكير إلى صلاة الجمعة:** عن أبي هريرة -ﷺ- قال: قال رسول الله ﷺ : «إذا كان يوم الجمعة ، وقفت الملائكة على باب المسجد، يكتبون الأول فالأول، ومثل المُهَجِّر (أي: المبكر) كمثل الذي يهدي بدنة ، ثم كالذي يهدي بقرة، ثم كبشاً ، ثم دجاجة ، ثم بيضة ، فإذا خرج الإمام طَوَوْا صحفهم ، ويستمعون الذكر». [ متفق عليه: ٩٢٩، ٨٥٠]

**43. Ang Maagang Pagpunta sa Ṣalāh sa Jumu'ah.** Ayon kay Abū Hurayrah (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Kapag araw ng Jumu'ah, nakatayo ang mga anghel sa tabi ng pinto ng masjid. Isinusulat nila ang [dumating ayon sa]***

***pagkakasunud-sunod. Ang paghahalintulad ng nagpapakaaga ay katulad ng nag-aalay ng isang inahing kamelyo, pagkatapos ay gaya ng nag-aalay ng isang inahing baka, pagkatapos ay isang lalaking tupa, pagkatapos ay isang manok, pagkatapos ay isang itlog. At kapag lumabas na ang imām, itinutupi nila ang mga talaan nila at nakikinig sa pag-aalaala [kay Allah].*"** (Muttafaq 'Alayhi: 929/850.)

**٤٤- الصلاة على الجنازة وشهود دفنها:** عن أبي هريرة ـ رضي الله عنه ـ قال: قال رسول الله ﷺ: ((من شهد الجنازة حتى يصلى عليها فله قيراط، ومن شهدها حتى تدفن فله قيراطان)). قيل: وما القيراطان؟ قال: ((مثل الجبلين العظيمين)). [متفق عليه: ١٣٢٥، ٩٤٥. وهذا لفظ مسلم]

**44. Ang sa Salāh Para sa Libing at ang Pagdalo sa Libing.** Ayon kay Abū Hurayrah (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Ang sinumang dumalo sa paglilibing hanggang sa dasalan ito ay magkakamit ng isang qīrāt, at ang sinumang dumalo rito hanggang sa mailibing ito ay magkakamit siya ng dalawang qīrāt.*** Sinabi: Ano ang dalawang qīrāt? Sinabi niya: ***[Gantimpalang] gaya ng dalawang malaking bundok.***" (Muttafaq 'Alayhi: 1325/945. Ito ay teksto ni Imām Muslim.)

## فضائل الصوم

## Ang mga Kainaman ng Pag-aayuno

**٤٥- صيام رمضان إيمانًا واحتسابًا:** عن أبي هريرة ـ رضي الله عنه ـ قال: قال رسول الله ﷺ: ((من صام رمضان إيمانًا واحتسابًا، غُفر له ما تقدم من ذنبه)). [متفق عليه: ٣٨، ٧٦٠]

**45. Ang Pag-aayuno sa Buwan ng Ramadān nang may Pananampalataya at Pag-asang pagpapalain.** Ayon kay Abū Hurayrah (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Ang sinumang mag-ayuno sa buwan ng Ramadān nang may pananampalataya at pag-asang pagpapalain, patatawarin ang nagdaan pagkakasala niya.*** " (Muttafaq 'Alayhi: 38/760.)

**٤٦- قيام رمضان إيمانًا واحتسابًا:** عن أبي هريرة -ﷺ- قال: قال رسول الله ﷺ:
(( من قام رمضان إيمانًا واحتسابًا، غُفر له ما تقدم من ذنبه )). [ متفق عليه: ٢٠٠٩، ٧٥٩]

**46. Ang Qiyāmullayl[25] sa Buwan ng Ramadān nang may Pananampalataya at Pag-asang Pagpapalain.** Ayon kay Abū Hurayrah (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Ang sinumang magsagawa ng qiyāmullayl sa Ramadān nang may pananampalataya at pag-asang pagpapalain, patatawarin ang nagdaan pagkakasala niya.*** " (Muttafaq 'Alayhi: 2009/759.)

**٤٧- صوم ستة أيام من شوال:** عن أبي أيوب الأنصاري ﷺ، أن رسول الله -ﷺ- قال:
(( من صام رمضان، ثم أتبعه ستًا من شوال، كان كصيام الدهر )). [ رواه مسلم: ١١٦٤]

**47. Ang Pag-aayuno sa Anim na Araw sa Buwan ng Shawwal.** Ayon kay Abū Ayyūb al-Ansārī (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***"Ang sinumang mag-ayuno sa Ramadān at pagkatapos ay pinasundan ng anim na araw [na pag-aayuno] sa buwan ng Shawwal, ito ay para na ring pag-ayuno ng isang taon."*** (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 1164.)

---

[25] Ang qiyāmullayl ay ang anumang salāh na isinasagawa matapos ang salāh na 'ishā' at bago ang salāh na fajr maliban sa sunnah rātibah.

**٤٨- صوم ثلاثة أيام من كل شهر:** عن أبي هريرة - ﷺ - قال: « أوصاني خليلي بثلاث، لا أدعهن حتى أموت: صوم ثلاثة أيام من كل شهر، وصلاة الضحى، ونوم على وتر ». [ متفق عليه: ١١٧٨، ٧٢١]

**48. Ang Pag-aayuno ng Tatlong Araw sa Bawat Buwan.** Ayon kay Abū Hurayrah (RA) na nagsabi: "Nagtagubilin sa akin ang matalik na kaibigan ko ng tatlong bagay na hindi ko iiwan hanggang sa mamatay ako: pag-aayuno ng tatlong araw sa bawat buwan, [pagsasagawa ng] salāh sa duhā[26] at pagtulog matapos ng [pagsasagawa ng salāh na] witr." (Muttafaq 'Alayhi: 1178/721.)

**٤٩- صوم يوم عرفة:** عن أبي قتادة ﷺ، أن رسول الله - ﷺ - قال: « صيام يوم عرفة، أحتسب على الله أن يكفر السنة التي قبله، والسنة التي بعده ». [رواه مسلم: ١١٦٢]

**49. Ang Pag-aayuno sa Araw ng 'Arafah.** Ayon kay Abū Qatādah, ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: "***Ang pag-aayuno sa araw ng 'Arafah ay inaasahan ko kay Allah na magbabayad-sala sa taon na nauna rito at sa taon na pagkatapos nito.***" (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 1162.)

**٥٠- صوم يوم عاشوراء:** عن أبي قتادة - ﷺ - قال: قال رسول الله ﷺ: « صيام يوم عاشوراء، أحتسب على الله أن يكفر السنة التي قبله ». [رواه مسلم: ١١٦٢]

**50. Ang Pag-aayuno sa Araw ng 'Āshūrā'.** Ayon kay Abū Qatādah (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): "***Ang pag-aayuno sa araw ng 'Āshūrā' ay inaasahan ko kay Allah na magbababayad-sala sa taon na nauna rito at sa taon na pagkatapos nito.***" (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 1162.)

---

[26] Ang oras sa pagitan ng pagtaas ng araw ng mga isang dangkal mula sa abot-tanaw (horizon) hanggang sa bago magtanghaling-tapat.

# فضائل متنوعة

# Sari-saring Kainaman

٥١- **التوبة:** عن أبي هريرة -ﷺ- قال: قال رسول الله ﷺ: «من تابَ قبل أن تطلُعَ الشمسُ من مغربها، تاب الله عليه». [رواه مسلم: ٢٧٠٣]

**51. Ang Pagsisisi.** Ayon kay Abū Hurayrah (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah: ***Ang sinumang magsisi bago sumikat ang araw sa kanluran nito ay tatanggapin ni Allah ang pagsisisi niya.***" (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 2703.)

٥٢- **فضل الحج والعمرة:** عن أبي هريرة ﷺ، أن رسول الله -ﷺ- قال: «العمرة إلى العمرة كفارة لما بينهما، والحج المبرور ليس له جزاء إلا الجنة». [متفق عليه: ١٧٧٣، ١٣٤٩]

**52. Ang Kabutihan ng Hajj at 'Umrah.** Ayon kay Abū Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***"Ang 'umrah hangang sa [kasunod na] 'umrah ay pambayad-sala sa pagitan ng dalawang ito. Ang hajj na tinanggap [ni Allah] ay walang gantimpala kundi ang Paraiso."*** (Muttafaq 'Alayhi: 1773/1349.)

٥٣- **الإكثار من الأعمال الصالحة في عشر ذي الحجة:** عن ابن عباس ﷺ، عن النبي ﷺ، أنه قال: «ما العمل في أيام أفضل منها في هذه (يعني أيام العشر)». قالوا: ولا الجهاد؟ قال: «ولا الجهاد، إلا رجل خرج يخاطر بنفسه وماله فلم يرجع بشيء». [رواه البخاري: ٩٦٩]

**53. Ang Pagpaparami sa mga Matuwid na Gawain sa Unang Sampung Araw ng Dhulhijjah.** Ayon kay Ibnu 'Abbās (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: ***"Walang gawain***

***[na ginawa] sa [ibang] mga araw na higit na mainam kaysa [sa ginawa] sa [unang sampung araw ng Dhulhijjah] na ito."*** Nagsabi sila: "Ni ang Pakikibaka?" Nagsabi siya: ***"Ni ang Pakikibaka; maliban sa isang taong humayo [sa Pakikibaka] na isinusuong sa panganib ang sarili niya at ang ari-arian niya at hindi bumalik na may dalang anuman.***[27]**"** (Isinalaysay ito ni Imām al-Bukhārī: 969.)

**٥٤- طلب العلم:** عن أبي هريرة -ﷺ- قال: قال رسول الله ﷺ: «... ومن سلك طريقًا يلتمس فيه علمًا سهل الله له به طريقًا إلى الجنة... الحديث». [رواه مسلم: ٢٦٩٩]

**54. Ang Pagkamit ng Kaalaman.** Ayon kay Abū Hurayrah (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Ang sinumang tumahak sa isang landas, na naghahanap dahil doon ng kaalaman, padadaliin ni Allah para sa kanya dahil doon ang isang daan patungo sa Paraiso.*"** (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 2699.)

**٥٥- التفقه في الدين:** عن معاوية -ﷺ- قال: قال رسول الله ﷺ: «من يرد الله به خيرًا يُفقهه في الدين». [متفق عليه: ٧١، ١٠٣٧]

**55. Ang Pagkamit ng Pagkaunawa sa Relihiyon.** Ayon kay Mu 'āwiyah (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Ang sinumang pinagnaisan ni Allah ng kabutihan, pagkakalooban Niya ito ng pagkaunawa sa relihiyon.*"** (Muttafaq 'Alayhi: 71/1037.)

---

[27] Hindi nakabalik dahil namatay na nakikibaka para kay Allah.

٥٦- **الدعوة إلى الله:** عن أبي هريرة ﷺ، أن رسول الله ـ ﷺ ـ قال : ((من دعا إلى هدى، كان له من الأجر مثل أجور من تبعه، لا ينقص ذلك من أجورهم شيئا ... الحديث )). [ رواه مسلم: ٢٦٧٤]

**56. Ang Pag-aanyaya Tungo kay Allah.** Ayon kay Abū Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***"Ang sinumang nag-anyaya tungo sa patnubay, magkakamit siya ng gantimpalang tulad ng mga gantimpala ng sinumang sumunod sa kanya, na hindi makababawas iyon ng anuman mula sa mga gantimpala nila."*** (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 2674.)

٥٧- **الأمر بالمعروف والنهي عن المنكر:** عن أبي سعيد ـ ﷺ ـ قال: سمعت رسول الله ـ ﷺ ـ يقول : (( من رأى منكم منكرًا فليغيره بيده، فإن لم يستطع فبلسانه، فإن لم يستطع فبقلبه وذلك أضعف الإيمان )). [ رواه مسلم: ٤٩]

**57. Ang Pag-uutos sa Nakabubuti at ang Pagbabawal sa nakasasama.** Ayon kay Abū Sa'īd (RA) na nagsabi: "Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi: ***Ang sinuman mula sa inyo na makakita ng isang nakasasama ay baguhin niya iyon sa pamamagitan ng kamay niya; ngunit kung hindi niya makakaya ay sa pamamagitan ng dila niya; ngunit kung hindi niya rin makakaya ay sa pamamagitan ng [pagtutol ng] puso niya, at iyan ay ang pinakamahina sa pananampalataya.***" (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 49.)

٥٨- **إفشاء السلام:** عن عبدالله بن عمرو رضي الله عنهما، أنَّ رجلاً سأل النبي ﷺ : أي الإسلام خير؟ قال: (( تُطعم الطعام ، وتقرأ السلام، على من عرفت ومن لم تعرف )). [ متفق عليه: ٦٢٣٦، ٣٩]

**58. Ang Pagpapalaganap ng Pagbati ng Kapayapaan.** Ayon kay 'Abdullāh ibnu 'Amr (RA), may isang lalaki na nagtanong sa Propeta (SAS): "Aling [pagpapatupad sa] Islam ang mabuti?" Nagsabi siya: ***"Magbigay ka ng pagkain, at bigkasin mo ang pagbati ng kapayapaan sa sinumang kilala mo at sinumang hindi mo kilala."*** (Muttafaq 'Alayhi: 6236/39.)

**٥٩- الحب في الله :** عن أبي هريرة -ﷺ- قال: قال رسول الله ﷺ : (( إن الله يقول يوم القيامة : أين المتحابون بجلالي ، اليوم أظلهم في ظلي ، يوم لا ظل إلا ظلي )). [رواه مسلم: ٢٥٦٦]

**59. Ang Pagmamahal Alang-alang kay Allah.** Ayon kay Abū Hurayrah (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Tunay na si Allah ay magsasabi sa Araw ng Pagkabuhay: Saan ang mga nagmamahalan dahil sa pagpipitagan sa Akin? Ngayong araw ay lililiman Ko sila sa lilim Ko, sa araw na walang lilim kundi ang lilim Ko.*** " (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 2566.)

**٦٠- الصدق:** عن عبدالله -ﷺ- قال: قال رسول الله ﷺ : (( عليكم بالصدق ، فإن الصدق يهدي إلى البر، وإن البر يهدي إلى الجنة ، وما يزال الرجل يصدق ويتحرى الصدق حتى يكتب عند الله صديقا...الحديث)). [متفق عليه: ٦٠٩٤ ، ٢٦٠٧ . وهذا لفظ مسلم]

**60. Ang Pagsasabi ng Totoo.** Ayon kay 'Abdullāh (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Panatilihin ninyo ang pagpapakatotoo sapagkat tunay na ang pagpapakatotoo ay nagpapatnubay sa pagpapakabuti at tunay na ang pagpapakabuti ay nagpapatnubay sa Paraiso. Hindi titigil ang tao sa pagpapakatotoo at pagsusumikap na magpakatotoo hanggang sa itala siya kay Allah na isang nagpapakatotoo.*** " (Muttafaq 'Alahyhi: 6094/2607. Ito ay teksto ni Imām Muslim.)

٦١- **حسن الخلق:** عن عبدالله بن عمرو رضي الله عنهما، أن رسول الله ـ ﷺ ـ كان يقول :

«إن من خياركم أحسنكم أخلاقًا». [متفق عليه: ٣٥٥٩، ٢٣٢١]

**61. Ang Kagandahang Asal.** Ayon kay ‘Abdullāh ibnu ‘Amr (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) noon ay nagsasabi: ***Tunay na ang kabilang sa mga mabuti sa inyo ay ang pinakamaganda sa inyo sa mga kaasalan.*** ” (Muttafaq ‘Alayhi: 3559/2321.)

٦٢- **طلاقة الوجه:** عن أبي ذر ـ ﷺ ـ قال: قال لي النبي ﷺ : «لا تحقرن من المعروف شيئًا، ولو أن تلقى أخاك بوجه طلق». [رواه مسلم: ٢٦٢٦]

**62. Ang Kaaliwalasan ng Mukha.** Ayon kay Abū Dharr (RA) na nagsabi: “Sinabi sa akin ng Propeta (SAS): ***Huwag ka ngang humamak ng anuman sa nakabubuti: kahit man lamang salubungin mo ang kapatid ng mukhang maaliwalas.*** ” (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 2626.)

٦٣- **عيادة المريض:** عن ثوبان، مولى رسول الله ﷺ، عن رسول الله ـ ﷺ ـ قال: «من عاد مريضًا، لم يزل في خُرفَة الجنة». قيل: يا رسول الله، وما خُرفة الجنة؟ قال: «جناها». [رواه مسلم: ٢٥٦٨]. جناها: أي ثمارها وما يُجنى من شجرها.

**63. Ang Pagdalaw sa May-sakit.** Ayon kay Thawbān na utusan ng Sugo ni Allah (SAS), ayon sa Sugo ni Allah (SAS) na nagsabi: ***“Ang sinumang dumalaw sa isang may-sakit ay hindi mahihinto sa khurfah sa Paraiso.”*** Sinabi: “O Sugo ni Allah, at ano po ang khurfah sa Paraiso? Sinabi niya: ***“Ang pagpitas doon.”*** (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 2568.)

**٦٤- الرفق:** عن جرير بن عبد الله ﷺ، عن النبي - ﷺ - قال: ((من يُحرم الرفق، يُحرم الخير)). [رواه مسلم: ٢٥٩٢]

**64. Ang Kabaitan.** Ayon kay Jarīr ibnu ʻAbdullāh (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: ***"Ang sinumang pinagkakaitan ng kabaitan ay pinagkakaitan ng kabutihan."*** (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 2592.)

**٦٥- الصبر:** عن أبي سعيد وأبي هريرة رضي الله عنهما، أن رسول الله - ﷺ - قال: ((ما يُصيبُ المسلمَ من نصبٍ ولا وصبٍ ولا همٍ ولا حَزَنٍ، ولا أذىً، ولا غمٍ حتى - الشوكة يشاكها - إلا كَفَّر الله بها من خطاياه)). [متفق عليه: ٥٦٤١، ٢٥٧٣] النصب: أي التعب. والوصب: أي المرض.

**65. Ang Pagtitiis.** Ayon kay Abū Saʻīd at Abū Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***"Walang dumadapo sa Muslim na kapaguran ni karamdaman ni kabalisaan ni kalungkutan ni kapinsalaan ni kapighatian – pati na ang tinik na tumuturok sa kanya – na hindi ipambabayad-sala ni Allah iyon sa ilan sa mga kasalanan niya."*** (Muttafaq ʻAlayhi: 5641/2573.)

**٦٦- كفالة اليتيم:** عن سهل بن سعد ﷺ، عن النبي ﷺ قال: (( أنا وكافل اليتيم في الجنة هكذا )) و قال بإصبعيه السبابة والوسطى. [رواه البخاري: ٦٠٠٥]

**66. Ang Pag-aaruga sa Ulila.** Ayon kay Sahl Ibnu Saʻd, ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: ***"Ako at ang nag-aaruga ng ulila sa Paraiso ay ganito."*** Sinabi niya iyon na magkadikit ang dalawang daliri niya: ang hintuturo at ang hingigitna. (Isinalaysay ito ni Imām al-Bukhārī: 6005.)

٦٧- **تنفيس الكَرْب:** عن أبي هريرة -ﷺ- قال: قال النبي ﷺ : (( من نَفَّس عن مؤمن كربة من كرب الدنيا، نَفَّس الله عنه كربة من كرب يوم القيامة، ومن يَسَّرَ على مُعسِرٍ، يسر الله عليه في الدنيا والآخرة ... الحديث)). [ رواه مسلم: ٢٦٩٩]

**67. Ang Pag-alo ng Dalamhati.** Ayon kay Abū Hurayrah (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Propeta (SAS): ***Ang sinumang mag-alo sa isang mananampalataya sa dalamhati ng mga dalamhati ng Mundo, aaluin siya ni Allah sa dalamhati ng mga dalamhati ng araw ng pagkabuhay. Ang sinumang magpaginhawa sa isang nahihirapan, pagiginhawahin siya ni Allah sa Mundo at sa Kabilang-buhay...*** " (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 2699.)

٦٨- وعن أبي قتادة -ﷺ- قال: سمعت رسول الله -ﷺ- يقول: (( من سَرَّه أن يُنْجِيَهُ الله من كُرَب يوم القيامة فليُنَفِّس عن معسرٍ، أو يضع عنه)). [ رواه مسلم: ١٥٦٣]

**68.** Ayon kay Abū Qatādah (RA) na nagsabi: "Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi: ***Ang sinumang natutuwa na iligtas siya ni Allah mula sa mga dalamhati ng Araw ng Pagka-buhay ay aluin niya ang isang nahihirapan o alisin niya mula rito [ang hirap].*** " (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 1563.)

٦٩- **بذل المعروف:** عن جابر بن عبدالله رضي الله عنهما، عن النبي -ﷺ- قال: (( كل معروفٍ صدقةٌ )). [ رواه البخاري ومسلم: ٦٠٢١، ٢٣٢٨]

**69. Ang Pagkakaloob ng Nakabubuti.** Ayon kay Jābir ibnu 'Abdullah (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: ***"Bawat [kaloob na] nakabubuti ay kawang-gawa."*** (Isinalaysay ito nina Imām Muslim at Imām al-Bukhārī: 6021, 2328.)

٧٠- **السعي على الأرملة والمسكين:** عن أبي هريرة ـ ﷺ ـ قال: قال النبي ﷺ: «الساعي على الأرملة والمسكين كالمجاهد في سبيل الله، أو القائم الليل الصائم النهار». [متفق عليه: ٥٣٥٣، ٢٩٨٣]

**70. Ang Nagmamalasakit sa Balo at Dukha.** Ayon kay Abū Hurayrah (RA) na nagsabi: ***"Nagsabi ang Propeta (SAS): Ang nagmamalasakit sa balo at dukha ay gaya ng nakikibaka sa landas ni Allah o nagdadasal sa gabi na nag-aayuno pa sa maghapon."*** (Muttafaq 'Alayhi: 5353/2983.)

٧١- **الصدقة:** عن أبي هريرة ـ ﷺ ـ قال: قال رسول الله ﷺ: «من تصدق بِعِدل تمرة من كسب طيب، و لا يصعد إلى الله إلا الطيبُ، فإن الله يتقبلها بيمينه، ثم يربِّيها لصاحبه كما يربِّي أحدكم فُلُوَّه حتى تكون مثلَ الجبل». [متفق عليه: ٧٤٣٠، ١٠١٤] فلوه أي: المهر الصغير.

**71. Ang Kawanggawa.** Ayon kay Abū Hurayrah (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Ang sinumang magkawanggawa ng katumbas sa isang bunga ng datiles mula sa mabuting kinita – at walang umaakyat tungo kay Allah kundi ang mabuti – tunay na si Allah ay tatanggap niyon sa pamamagitan ng kanan Niya. Pagkatapos ay aalagaan Niya iyon para sa may-ari niyon, gaya ng pag-aalaga ng isa sa inyo sa kabayong bisiro niya, hanggang sa maging tulad ng bundok.***" (Muttafaq 'Alayhi: 7430/1014.)

٧٢- **الدعاء للمسلمين:** عن أبي الدرداء ـ ﷺ ـ قال: كان رسول الله ـ ﷺ ـ يقول: «دعوة المرء المسلم لأخيه ـ بظهر الغيب ـ مستجابة، عند رأسه مَلَكٌ موكَّل، كلما دعا لأخيه بخير، قال المَلَكُ الموكل به: آمين، ولك بمثل». [رواه مسلم: ٢٧٣٣]

**72. Ang Pagdalangin para sa mga Muslim.** Ayon kay Abū Dardā' (RA) na nagsabi: "Ang Sugo ni Allah (SAS) noon ay nagsasabi: ***Ang pagdalangin ng isang taong Muslim sa kapatid niya [sa Islam] nang lingid sa kaalaman [nito] ay tinutugon. Sa tabi ng ulo ay may isang anghel na itinalaga. Sa tuwing dumalangin siya para sa kapatid niya ng kabutihan, sinasabi ng anghel na nakatalaga: Amen, at ukol din sa iyo ang tulad [niyon].*** " (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 2733.)

**٧٣- صلة الرحم:** عن أنس بن مالك ـﷺـ قال: سمعت رسول الله ـﷺـ يقول: «من سَره أن يُبسط عليه رزقه، أو يُنْسَأ في أثره، فليصل رحمه». [متفق عليه: ٢٠٦٧، ٢٥٥٧] ينسأ في أثره: اي يظل ذكره بين الناس حيًا حتى بعد وفاته.

**73. Ang Pakikipag-ugnayan sa Kaanak.** Ayon kay Anas ibnu Mālik (RA) na nagsabi: "Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi: ***Ang sinumang natutuwa na paluwagin para sa kanya [ni Allah] ang kaloob sa kanya o guni-gunitain siya sa alaala niya ay makipag-ugnayan siya sa kaanak niya.*** " (Muttafaq 'Alayhi: 2067/2557.)

**٧٤- الاحتساب في النفقة على الأهل:** عن أبي مسعود الأنصاري ﷺ، عن النبي ـﷺـ قال: «إذا أنفق المسلم نفقةً على أهله وهو يحتسبها كانت له صدقة». [متفق عليه: ٥٣٥١، ١٠٠٢]

**74. Ang Paghahangad na Pagpapalain Dahil sa Paggugol sa Mag-anak.** Ayon kay Abū Mas'ūd al-Anṣārī (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: ***"Kapag gumugol ang Muslim ng isang gugulin para sa mag-anak niya habang siya ay naghahangad [ng pagpapala]] niyon, magkakamit siya ng gantimpala."*** (Muttafaq 'Alayhi: 5351/1002.)

**٧٥- تربية البنات:** عن أنس بن مالك - ﷺ - قال: قال رسول الله ﷺ: ((من عال جاريتين حتى تبلغا، جاء يوم القيامة أنا وهو)). وضم أصابعه. [رواه مسلم: ٢٦٣١]

**75. Ang Pag-aalaga sa mga Anak na Babae.** Ayon kay Anas ibnu Mālik (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Ang sinumang magtaguyod ng dalawang batang babae hanggang sa magdalaga sila, darating ako at siya na magkasama sa Araw ng Pagkabuhay.*** Ipinagdikit niya ang mga daliri niya." (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 2631.)

**٧٦- الصدقة الجارية:** عن أبي هريرة ﷺ، أن رسول الله - ﷺ - قال: (( إذا مات الإنسان انقطع عمله إلا من ثلاث: إلا من صدقة جارية، أو علم ينتفع به، أو ولد صالح يدعو له )). [رواه مسلم: ١٦٣١]

**76. Ang Kawanggawang Nagpapatuloy.** Ayon kay Abū Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***"Kapag namatay ang anak ni Adan, napuputol ang gawa niya maliban sa tatlo: maliban sa kawanggawang nagpapatuloy o kaalamang napakikinabangan o matuwid na anak na nananalangin para sa kanya."*** (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 1631.)

**٧٧- إماطة الأذى عن الطريق:** عن أبي هريرة ﷺ، عن النبي - ﷺ - قال: (( بينما رجل يمشي بطريق، وجد غصن شوك على الطريق، فأخذه، فشكر الله له، فغفر له )). [ متفق عليه: ٦٥٢، ١٩١٤]

**77. Ang Pag-aalis ng Nakapipinsala sa Daan.** Ayon kay Abū Hurayrah (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: ***"Habang ang isang lalaki ay naglalakad sa daan, nakatagpo siya ng isang sanga ng mga tinik sa daan. Pagkatapos ay kinuha niya iyon, kaya naman kinilala ni Allah ang kabutihan niya at pinatawad siya."*** (Muttafaq 'Alayhi: 652/1914.)

٧٨- **الصحة والفراغ:** عن ابن عباس - رضي الله عنهما - قال: قال رسول الله ﷺ:
((نعمتان مغبون فيهما كثير من الناس: الصحة والفراغ)). [رواه البخاري: ٦٤١٢]

**78. Ang Kalusugan at Kapahingahan.** Ayon kay Ibnu 'Abbās (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***May dalawang biyaya na nalinlang dahil doon ang marami sa mga tao: ang kalusugan at ang kapahingahan.***" (Isinalaysay ito ni Imām al-Bukhārī: 6412.)

٧٩- **أجر الصبر على فقد الولد:** عن أبي هريرة رضي الله عنه، أن رسول الله - ﷺ - قال:
((يقول الله تعالى: ما لعبدي المؤمن عندي جزاءٌ إذا قبضت صفيَّه من أهل الدنيا، ثم احتسبه إلا الجنة)). [رواه البخاري: ٦٤٢٤]

**79. Ang Gantimpala sa Pagtitiis sa Pagyao ng Anak.** Ayon kay Abū Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: "Sinasabi ni Allah – pagkataas-taas Niya: ***Walang gantimpala buhat sa Akin para sa lingkod ko na mananampalataya, kapag kinuha ko ang sinisinta niya mula sa mga taga-Mundo pagkatapos ay naghangad siya [na pagpapalain dahil] doon, kundi ang Paraiso.***" (Isinalaysay ito ni Imām al-Bukhārī: 6424.)

٨٠- **سبعة يظلهم الله في ظله:** عن أبي هريرة رضي الله عنه، عن النبي - ﷺ - قال: ((سبعة يظلهم الله - تعالى - في ظله يوم لا ظل إلا ظله: إمام عدلٌ، وشاب نشأ في عبادة الله، ورجل قلبه معلق في المساجد، ورجلان تحابا في الله، اجتمعا عليه وتفرقا عليه، ورجل دعته امرأة ذات منصب وجمال، فقال: إني أخاف الله، ورجل تصدق بصدقة فأخفاها حتى لا تعلم شماله ما تنفق يمينه، ورجل ذكر الله خاليًا ففاضت عيناه)). [متفق عليه: ١٤٢٣، ١٠٣١]

**80. Pitong Liliman ni Allah sa Lilim Niya.** Ayon kay Abū Hurayrah (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: ***"May pitong [uri ng tao na] pasisilungin ni Allah – pagkataas-taas Niya – sa lilim Niya sa araw na walang lilim kundi ang lilim Niya: makatarungang pinuno; binatang lumaki sa pagsamba kay Allah; lalaking nakatali ang puso sa mga masjid; dalawang taong nagmamahalan alang-alang kay Allah: nagkikita alang-alang sa Kanya at naghihiwalay alang-alang sa Kanya; lalaking inanyayahan ng isang babaeng may mataas na kalagayan at kagandahan ngunit nagsabi siya: Tunay na ako ay nangangamba kay Allah; at taong nagkawanggawa ng isang kawanggawa at ikinubli niya ito upang hindi malaman ng kaliwa niya ang ginugugol ng kanan niya; at taong nang maalaala si Allah habang nag-iisa ay nag-umupaw ang mga mata niya [sa luha]."*** (Muttafaq 'Alayhi: 1423/1031.)

**٨١- الزيارة في الله** : عن أبي هريرة ﷺ ، عن النبي ﷺ : «أن رجلاً زار أخاً له في قرية أخرى، فأرصد الله له على مدرجته ملكًا ( أي: أقعده على الطريق يرقُبه ) فلما أتى عليه قال: أين تريد؟ قال: أريد أخاً لي في هذه القرية. قال: هل لك عليه من نعمة تربها؟ قال: لا، غير أني أحببته في الله عز وجل، قال: فإني رسول الله إليك، بأن الله قد أحبك كما أحببته فيه». [ رواه مسلم: ٢٥٦٧] تربها أي: ترجوها منه.

**81. Ang Pagdalaw Dahil kay Allah.** Ayon kay Abū Hurayrah (RA), ayon sa Propeta (SAS): ***"Na may isang lalaki na dumalaw sa isang kapatid niya na nasa ibang nayon. At pinatambangan siya ni Allah sa nilalakaran niya ng isang anghel. Noong napalapit na siya roon ay nagsabi iyon: Saan mo ninanais? Nagsabi siya: Nagnanais ako [na pumunta] sa isang kapatid ko sa nayong ito. Nagsabi iyon: Mayroon ka bang [kukunin] sa kanya na***

***isang biyayang minimithi mo? Nagsabi siya: Wala, maliban sa ako ay nagmamahal sa kanya alang-alang kay Allah – kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan. Nagsabi iyon: At tunay na ako ay sugo ni Allah, [na nagbabalita] sa iyo na si Allah ay nagmamahal nga sa iyo gaya ng pagmamahal mo sa kanya alang-alang sa Kanya."*** (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 2567.)

٨٢- **البعد عن يسير الشرك:** عن جابر بن عبدالله - ﷺ - قال: سمعت رسول الله - ﷺ - يقول: «من لقي الله لا يُشرك به شيئًا دخل الجنة، ومن لقيه يُشرك به شيئًا دخل النار». [رواه مسلم: ٩٣]

**82. Ang Paglayo sa Katiting na Shirk.** Ayon kay Jābir ibnu 'Abdullāh (RA) na nagsabi: "Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi: ***Ang sinumang makipagtagpo kay Allah na hindi nagtatambal sa Kanya ng anuman ay papasok sa Paraiso at ang sinumang makipagtagpo sa Kanya na nagtatambal sa Kanya ng anuman ay papasok sa Apoy.***" (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 93.)

٨٣- **السنة الحسنة:** عن جرير بن عبدالله - ﷺ - قال: قال رسول الله ﷺ: «من سن في الإسلام سُنّةً حسنةً، فله أجرها، وأجر من عمل بها بعده، من غير أن ينقص من أجورهم شيءٌ، ومن سن في الإسلام سنةً سيئةً، كان عليه وزرها ووزر من عمل بها من بعده، من غير أن ينقص من أوزارهم شيءٌ». [رواه مسلم: ١٠١٧]

**83. Ang Magandang Kalakaran.** Ayon kay Jarīr ibnu 'Abdullāh (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Ang sinumang gumawa sa Islam ng magandang kalakaran ay magkakamit siya ng gantimpala niyon at gantimpala ng sinumang gumawa ayon doon noong wala na siya, nang walang nababa-***

***was na anuman mula sa mga gantimpala nila. Ang sinumang gumawa sa Islam ng masamang kalakaran, magkakaroon siya ng pananagutan niyon at pananagutan ng sinumang gumawa ayon doon noong wala na siya, nang walang nababawa na anuman sa mula mga pananagutan nila.*** " (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 1017).

٨٤- **قتل الوزغ:** عن أبي هريرة - ﷺ - قال: قال رسول الله ﷺ: « من قتل وَزَغًا في أول ضربة كتبت له مئة حسنة، وفي الثانية دون ذلك، وفي الثالثة دون ذلك ». [رواه مسلم ٢٢٤٠] **الوَزَغ: المراد به الأبرص، وسمي وزغًا لخفته، وسرعة حركته.**

**84. Ang Pagkitil sa Butiki.** Ayon kay Abū Hurayrah (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Ang sinumang pumatay ng isang butiki, sa unang paghampas ay magsusulat sa kanyang [talaan] ng isandaang magandang gawa, sa ikalawa ay mababa roon [sa una], at sa ikatlo ay mababa roon [sa ikalawa].*** " (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 2240.)

٨٥- **المداومة على العمل الصالح وإن قلّ:** عن عائشة رضي الله عنها، أنها قالت: سُئل رسول الله ﷺ: أي الأعمال أحب إلى الله؟ قال: « أدوَمُها وإن قلّ » [متفق عليه: ٦٤٦٥، ٧٨٢]

**85. Ang Pagpapanatili sa Matuwid na Gawain Kahit kakaunti.** Ayon kay 'Ā'ishah (RA) na nagsabi: "Tinanong ang Sugo ni Allah (SAS): Alin sa mga gawain ang pinakanaiibigan ni Allah? Nagsabi siya: ***Ang higit na nananatili sa mga ito kahit pa man kakaunti.*** " (Muttafaq 'Alayhi: 6465/782.)

مطبعة النرجس التجارية
NARJIS PRINTING PRESS
تلفون : ٢٣١٦٦٥٣ / ٢٣١٦٦٥٤
فاكس : ٢٣١٦٨٦٦ الرياض